

TALAAN NG MGA TATALAKAYIN

- Panimula
- Ang Maze
- Ang Magic na Salita
- Gumawa ng Bagong Plano, Stan
- Konklusyon
- Pagtatasa sa Estudyante

MGA LAYUNIN

Makikilala ng mga estudyante na hindi nila kailangang iwanan ang hangarin kapag nakatagpo sila ng mga hadlang o kahirapan.

Tutukuyin ng mga estudyante ang "pagtitiyaga" at tatalakayin ang kahalagahan nito.

Babaguhin ng mga estudyante ang mga hakbang na layunin upang malampasan ang isang hadlang at makamit ang hangarin.

MGA KINAKAILANGANG MATERIALES

- Isang kopya ng activity sheet na "Ang Maze" (Bahagi I)
- Isang rolyo ng masking tape upang gumawa ng maze sa sahig ng inyong silid-aralan
(Bahagi I)

Panimula

3 Minuto

Bigyan ang mga estudyante ng isa o dalawang halimbawa o ng mga kathang-isip na tauhan na nagpapakita ng pagtitiyaga. Pumili ng mga tauhan mula sa mga aklat, pelikula, o telebisyon na kasalukuyang kilalang-kilala ng iyong mga estudyante. Tumawag ng mga estudyante upang sabihin kung ano ang alam nila tungkol sa mga tauhan bago ibigay ang iyong punto. Hingin ang mga tugon na nagpapahiwatig ng mga hadlang na nalagpasan ng mga tauhan.

Ipaliwanag na sa klase ngayon, matututunan ng mga estudyante na hindi nila kailangang isuko ang isang bagay na mahalaga sa kanila dahil lang sa naranasan nilang hadlang. Maaari silang makahanap ng mga paraan upang patuloy na magsikap para sa kanilang hangarin.

Bahagi I: Ang Maze

20 Minuto

Layunin: Kikilalanin ng mga estudyante na hindi nila kailangang iwanan ang isang hangarin kapag nakatagpo sila ng mga hadlang o kahirapan.

1. I-set up ang aktibidad.

Bago ang klase ngayon, gawin muli ang activity sheet na “Ang Maze” sa sahig ng inyong silid-aralan gamit ang masking tape. Dapat sakto ang laki ng maze para madaanan ng mga estudyante. Sa isang papel, isulat ang salitang “Simula” at gumuhit ng isang arrow gamit ang colored marker. Pagkatapos, idikit ang papel sa sahig sa pasukan ng maze. Sa isa pang papel, isulat ang salitang “Wakas,” at idikit ito sa sahig sa labasan ng maze.

2. Tatahakin ng mga estudyante ang maze.

Tumawag ng mga boluntaryo upang hanapin ang kanilang daan sa maze. Hayaan ang mga estudyante na gawin ito isa-isa. Gumawa lamang ng mga komento upang mapanatili ang kaayusan

o magpatuloy ang proseso. Hikayatin ang mas maraming estudyante na makibahagi, kahit na karamihan sa kanila ay malalaman na ang tamang daan matapos makadaan ang ilang boluntaryo.

Habang ginagawa ito ng mga estudyante, obserbahan kung paano sila tumutugon kapag nakatagpo sila ng dead end sa maze. (Sumusuko ba sila o bumabangon at patuloy na sumusubok?) Obserbahan din kung paano tumutugon ang ibang mga estudyante kapag nangyari ito. (Nag-aalok ba sila ng paghihikayat o tulong?)

3. Gagawa ng mga obserbasyon ang mga estudyante tungkol sa aktibidad.

Hilingin sa mga estudyante na gumawa ng mga obserbasyon tungkol sa gawaing ito sa pamamagitan ng pagtatanong at pagbibigay ng mga komento batay sa iyong sariling mga napansin. Maaari mong itanong:

- Bakit mahirap gawin ang aktibidad na ito noong una?
- Bakit naging mas madali para sa iyo kalaunan?
- Posible bang matagumpay na makaabot ang lahat ng mga estudyante hanggang sa wakas?
- Paano ka nag-react nang makarating ka sa dead end? Anong mga pagpipilian ang mayroon ka?
- Paano nag-react ang iba pang estudyante sa klase?
- Nakatulong ba ang mga paghikayat para ipagpatuloy mo?

Tiyaking naipahayag ng mga estudyante na posible para sa lahat na makatawid sa maze at ang mga estudyanteng hindi sumuko ay nagtagumpay.

Bahagi II: Ang Magic na Salita

10 Minuto

Layunin: Tutukuyin ng mga estudyante ang "pagtitiyaga" at tatalakayin ang kahalagahan nito.

1. Bibigyan ng kahulugan ng mga estudyante ang salitang "pagtitiyaga."

Isulat ang pandiwang "magtiyaga" sa pisara. Pasimulan ang mga estudyante na talakayin at bumuo ng kahulugan ng salitang "magtiyaga." Ipasulat sa mga boluntaryo ang mga ideya at kahulugan sa pisara.

Kasabay nito, hilingin sa isang estudyante na hanapin ang salita sa diksyunaryo at basahin nang malakas ang mga kahulugan sa klase. (Binigyang ng kahulugan ng Merriam-Webster ang "magtiyaga" bilang "patuloy sa isang estado, negosyo, o gawain sa kabila ng mga kontra-impluwensya, oposisyon, o panghihina ng loob.") Hamunin ang mga estudyante na isaalang-alang ang kahulugan sa diksyunaryo alinsunod sa kanilang sariling kahulugan at gumawa ng sa tingin nila ay mga naaangkop na pagbabago.

Tanungin ang mga estudyante kung sa tingin nila na ang pagtitiyaga ay makakatulong sa kanilang makamit ang kanilang mga tunguhin. Tumawag ng mga indibidwal upang ipaliwanag ang kanilang mga sagot.

2. Pagninilayan ng mga estudyante ang mga hadlang na kakaharapin nila habang nagsusumikap na makamit ang hangarin.

Ipunto na walang sinuman ang maaaring tumpak na makahula sa hinaharap, kaya mahirap malaman kung ano mismo ang maaaring mangyari kapag gumawa tayo ng plano ng aksyon upang makamit ang isang pangmatagalang hangarin. Ipaliwanag na kapag ang mga estudyante ay napaharap sa hadlang, ang una nilang reaksiyon ay hindi dapat sumuko; dapat ay magtiyaga—magpatuloy sa pagsisikap.

Imbitahan ang mga estuyante na mag-isip ng mga salik na maaaring maging mga kahirapan o hadlang sa pagkamit ng pangmatagalang hangarin. Pasimulan ang mga estudyante sa pamamagitan ng pagbanggit ng mga hadlang gaya ng sumusunod:

- Oras: Maaaring mas matagal ang isang hakbang patungo sa hangarin kaysa sa inaakala mo, o baka may iba pang mga hakbang na kailangang gawin na hindi mo pa alam noong una.
- Mga Gastusin: Maaaring mas mahal ang isang bagay kaysa sa iyong inaasahan, o maaaring kailanganin mo ang mga bagay na hindi mo pa alam sa una.
- Interes: Maaari kang mawalan saglit ng interes, o maaari mong piliing gumawa ng ibang bagay pansamantala.
- Karamdaman: Maaari kang magkasakit, o maaaring kailanganin mong ipagpaliban ang lahat saglit dahil sa problema sa kalusugan.
- Mga Nakakaabala: Maaaring may mga kaibigan ka na nakakaabala sa'yo sa mga hangarin mo.
- Iba pang mga pagbabago: Maaaring lumipat ang iyong pamilya, lumipat ka ng paaralan, o may mga taong mahalaga sa iyong plano ang tumigil sa kanilang pakikilahok dahil sa ilang dahilan.

Sa pamamagitan ng talakayan, kunin sa mga estudyante ang ideya na mananaig sila sa mga hadlang na ito sa pamamagitan ng pagrebisa sa kanilang mga stepping-stone na hangarin o sa pamamagitan ng paggawa ng bagong plano ng pagkilos. Ipaalala sa mga estudyante na kung magtitiyaga sila, malalampasan nila ang mga hadlang at magtatagumpay sila.

Bahagi III: Gumawa ng Bagong Plano, Stan

15 Minuto

Layunin: Babaguhin ng mga estudyante ang hakbang patungo sa hangarin upang malampasan ang hadlang at makamit ang isang hangarin.

1. Magtakda ng mga hakbang patungo sa hangarin.

Hatiin ang klase sa mga grupo na may tig-apat o tig-limang estudyante. Magtalaga ng pangmatagalang layunin sa bawat grupo, at hayaan silang gumawa ng plano para makamit ito.

Pumili ng mga hangarin gaya ng sumusunod:

- Mapabilang sa varsity sports team sa iyong sophomore year ng high school.
- Makakuha ng nangungunang bahagi sa dula sa paaralan ngayong tagsibol.
- Umawit at tumugtog sa isang rock band balang araw.
- Magkolehiyo.

Bigyan ang mga estudyante ng humigit-kumulang limang minuto upang gumawa ng plano ng aksyon para sa pagkamit ng kanilang hangarin.

2. Babaguhin ng mga estudyante ang kanilang mga plano.

Matapos makumpleto ng mga estudyante ang kanilang mga plano, sabihin na nakaranas sila ng hadlang. Imungkahi ang mga sumusunod na hadlang na dapat malampasan:

- Mapabilang sa varsity team, ngunit nabali ang iyong bukung-bukong sa tag-araw bago ang iyong sophomore year sa high school.
- Nakakuha ka ng nangungunang bahagi sa dula, ngunit nagkaroon ka ng laryngitis.
- Ikaw ay nasa isang banda na ang mga miyembro ay hindi marunong tumugtog ng kanilang mga instrumento.
- Nagkolehiyo ka, ngunit dapat kumita ng mas maraming pera para sa matrikula.

Hikayatin ang mga estudyante na gumawa ng mga bagong plano ng aksyon batay sa mga paghihirap na kanilang naranasan. Bigyan sila ng isa pang limang minuto upang gawin ang kanilang mga bagong plano.

Kapag natapos na ang mga estudyante, imbitahan ang mga boluntaryo mula sa bawat grupo na ibahagi sa klase ang kanilang mga bagong plano ng aksyon. Hikayatin ang ibang mga estudyante na mag-alok ng mga karagdagang mungkahi para malampasan ang mga hadlang na ipinakita sa bawat grupo.

Konklusyon

2 Minuto

Hilingin sa mga estudyante na ipaliwanag kung paano nila matitiyak na makatotohanan ang kanilang mga hangarin. Hilingin sa mga estudyante na bigyan ng kahulugan ang salitang “magtiyaga.” Kunin sa mga estudyante ang mga sumusunod na **pangunahing punto** na itinuro sa araling ito:

- Para malampasan ang mga hadlang sa daan patungo sa pangmatagalang layunin, baguhin o ayusin ang iyong plano ng aksyon.
- Ang mga matagumpay na tao ay hindi sumusuko—nagtitiyaga sila.

Pagtatasa sa Estudyante

1. Ipaliwanag kung bakit mahalaga ang pagtitiyaga sa pagkamit ng iyong mga hangarin.
2. Ilarawan ang isang sitwasyon sa iyong buhay kung saan humarap ka sa isang hadlang at nalampasan mo ito.
3. Mag-isip ng isang hadlang na maaaring dumating sa iyo at sa iyong pangmatagalang hangarin. Isulat ang mga paraan na maaari mong malampasan o maiwasan ang hadlang na ito; pagkatapos, baguhin ang iyong plano sa paraang hinahayaan kang makamit pa rin ang iyong pangmatagalang hangarin.

MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

PAGGAMIT NG MGA SIPI

“Ang tagumpay ay kabiguan na pinunasan lang ang dumi.”

Pagawain ang mga estudyante ng mga poster o collage upang ilarawan ang ideyang ito.

PAGTUGON SA IBA'T IBANG ESTILO NG PAGKATUTO

Hilingin sa mga estudyante na gumawa ng scrapbook ng klase gamit ang mga larawan at kuwento tungkol sa kung paano nila naabot ang mga hangarin at nalampasan ang mga hadlang.

Pahintulutan ang mga estudyante na hiram ang scrapbook upang maibahagi ito sa mga kaibigan at miyembro ng pamilya.

PAGSUSULAT SA IYONG JOURNAL

Hilingin sa mga estudyante na gumawa ng listahan ng mga layunin na kanilang nakamit noong nakaraang linggo at kung ano ang pakiramdam na maisakatuparan ang mga hangaring iyon.

Ibahagi sa mga estudyante ang kanilang isinulat sa isang kapareha.

PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA

Paggamitin ang mga estudyante ng internet upang mangalap ng impormasyon tungkol sa mga taong mula sa iba't ibang larangan na nahirapan ngunit sa kalaunan ay nakamit ang kanilang mga hangarin.

Paganapin ang mga estudyante bilang tagapagbalita sa TV na nag-uulat tungkol sa mga kabiguan ng kanilang paksa (o pasulatin sila ng maikling ulat na tumatalakay dito). Pahulaan sa mga estudyante kung sino ang tinutukoy at kung ano ang kanilang mga naabot sa kalaunan ng kanilang buhay.

TAKDANG-ARALIN

Basahin nang malakas ang tula ni Langston Hughes na “Mother to Son”. Sa tula, sinasabi ng isang ina sa kanyang anak na ‘ang buhay ko ay hindi naging crystal na hagdan,’ at pinapayuhan siyang magpatuloy kahit mahirap ang buhay. Hilingin sa mga estudyante gumawa ng mga katanungan para sa isang panayam sa kanilang mga magulang o tagapag-alaga tungkol sa mga hadlang na kanilang nalampasan.

Ipagawa sa mga estudyante ang mga panayam. Pagkatapos ng mga panayam, pasulatin ang mga estudyante ng talumpati o liham para sa klase kung saan ibabahagi nila ang mga payong natanggap nila.

MGA KARAGDAGANG RESOURCE

Ipabasa sa mga estudyante ang activity sheet na “Ang Mahirap na Paraan”.

Ipasadula sa mga estudyante ang isang panayam kay Moochie Norris.